SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

SA PAGITAN NG DALAWANG WIKA: ANG KARANASAN NG MGA GURO SA PAGPAPALIT-WIKA SA BERBAL NA PAKIKIPAGTALASTASAN

Carla Mae P. Landasan
Master of Arts in Teaching Filipino, Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City, Mindanao Island, Philippines

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan at maunawaan ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan. Partikular nitong tinukoy ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika, ang mga hamon at sitwasyong kanilang nararanasan, at ang mga mungkahing maaaring makatulong sa higit na pagpapaunlad ng pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika sa Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong penomenolohikal na disenyo upang mailarawan ang esensya ng mga buhay na karanasan ng mga kalahok. Lumahok sa pananaliksik ang labindalawang (12) gurong nagtuturo sa tatlong pampublikong mataas na paaralan sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang datos ay nalikom sa pamamagitan ng malalimang panayam gamit ang balidado at sinuring gabay sa panayam at sinuri sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri. Lumitaw sa mga natuklasan na ang mga karanasan ng mga guro ay nakatuon sa pagpapaunawa ng punto, impluwensiya ng kausap, at pedagohikal na estratehiya. Natukoy rin na ang mga hamon sa paggamit ng pagpapalit-wika ay may kaugnayan sa pag-aangkop ng wika batay sa kausap at sitwasyon, paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiyang panturo, at pagbibigay-priyoridad sa mabisang pag-unawa. Samantala, ang mga mungkahing inilahad ng mga kalahok ay nakatuon sa pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro, maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika, at pagbuo ng mas angkop na kagamitang panturo at mga estratehiya. Ipinakikita ng pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay isang sinasadya at makabuluhang estratehiyang pedagohikal na nagpapahusay sa komunikasyon, nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral, at nagtataguyod ng isang inklusibo at makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa multilingguwal na silid-aralan.

MGA SUSING SALITA: *Pagpapalit-Wika, Berbal na Pakikipagtalastasan, Penomenolohiya, Estratehiyang Pedagohikal, Davao del Norte*

I. PANIMULA

Ang Suliranin at Kaligiran Nito

Ang paggamit ng pagpapalit-wika (code-switching) ng mga guro sa berbal na pakikipagtalastasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay isang umiiral na penomenon sa mga silid-aralan ng Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte. Bagaman nagsisilbi itong kapaki-pakinabang na estratehiya upang mapadali ang pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan, nagiging usapin din ito dahil sa posibleng epekto nito sa paglinang ng kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino at sa kalidad ng pakikipagtalastasan sa loob ng klase. Dahil dito, mahalagang masuri ang iba't ibang anyo, dahilan, at implikasyon ng paggamit ng pagpapalit-wika ng mga guro sa konteksto ng pagtuturo.

Sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ang pagpapalit-wika bilang isang karaniwang gawaing lingguwistiko sa mga lipunang multilingguwal. Sa Estados Unidos, bagaman Ingles ang pangunahing midyum ng pagtuturo, itinuturing ng marami ang pagpapalit-wika bilang likas na bahagi ng pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Gayunman, binigyang-diin ni de Oliveira (2023) na may mga implikasyong lingguwistiko, pedagohikal, at kultural ang paggamit nito na nangangailangan ng masusing pagsusuri.

Sa Nigeria, natuklasan nina Zhu at Wang (2025) na ginagamit ng mga bilingguwal na mag-aaral ang pagpapalit-wika upang matugunan ang kakulangan sa ikalawang wika, mapanatili ang pagkapribado, at maging mas madali ang pagpapahayag sa Ingles. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na nakatutulong ito sa pagpapalinaw ng kahulugan at paglipat ng kaalaman, bagaman maaari din itong magdulot ng hindi pagkakaunawaan at hindi pagkakapare-pareho sa paggamit ng wika sa akademikong kapaligiran.

Sa Hong Kong, iniulat nina Ng at Zayts-Spence (2023) na ang madalas na paggamit ng pagpapalit-wika ay maaaring magpahina sa kasanayan sa gramatika, sintaks, at talasalitaan ng mga mag-aaral. Maaari din itong maging hadlang sa mas malalim na pagkatuto kapag labis na inaasahan ng mga guro ang estratehiyang ito sa kanilang pagtuturo.

Sa Pilipinas, natuklasan nina De Castro et al. (2021) sa isang pag-aaral sa Unibersidad ng Makati na ang pagpapali-wika ang pinakakaraniwang anyo ng pagpapalit-wika at may negatibong kaugnayan ito sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Ingles. Samantala, ipinakita nina Aparece at Bacasmot (2023), sa kanilang pag-aaral sa Unibersidad ng Mindanao sa Lungsod ng Davao, na ang pagkabalisa

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

sa paggamit ng Ingles at higit na kumpiyansa sa unang wika ang ilan sa mga pangunahing dahilan ng paggamit ng pagpapalit-wika ng mga mag-aaral. Binigyang-diin din nila ang mahalagang papel ng mga guro sa pagpapakita ng angkop na paggamit ng target na wika sa loob ng klase.

Sa lokal na antas, ipinakita ng isang pananaliksik sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte, na bagaman karaniwan at makabuluhan ang paggamit ng pagpapalit-wika sa pagtuturo, kinakailangan pa ring mapanatili ang wastong balanse sa paggamit nito upang hindi maapektuhan ang paglinang ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na tumutuon sa pagpapalit-wika ng mga guro sa kanilang berbal na pakikipagtalastasan, partikular sa konteksto ng pagtuturo ng wikang Filipino sa mga pampublikong paaralan. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang iba't ibang anyo, dahilan, at epekto ng pagpapalit-wika ng mga guro sa berbal na pakikipagtalastasan, gayundin ang mga implikasyon nito sa pagtuturo ng wikang Filipino upang makapagbigay ng batayan sa paglinang ng mas angkop at balanseng paggamit ng wika sa loob ng silid-aralan.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong siyasatin ang paggamit ng pagpapalit-wika ng mga guro sa berbal na pakikipagtalastasan. Partikular nitong nilalayon na mailarawan ang kanilang mga karanasan, pananaw, at mga mekanismong ginagamit sa pagpapalit-wika. Upang maisakatuparan ito, hinangad ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga karanasang-buhay ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan?
2. Paano hinarap ng mga guro ang mga hamon at sitwasyong kanilang naranasan sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan?
3. Batay sa kanilang mga karanasan, ano-anong mungkahi ang maibabahagi ng mga guro upang higit na mapaunlad ang pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika sa Filipino sa berbal na pakikipagtalastasan?

Teoretikal na Balangkas

Pinagbatayan ng kasalukuyang pananaliksik ang Communication Accommodation Theory na binuo nina Giles et al. (1973) bilang isang mahalagang teoretikal na gabay upang maunawaan kung bakit nagbabago ang paraan ng pakikipagtalastasan ng mga indibiduwal batay sa kanilang kausap at kontekstong panlipunan. Ipinaliwanag ng teoryang ito ang konsepto ng *convergence* at *divergence*, kung saan inaangkop ng tagapagsalita ang kanyang wika upang makabuo ng pagkakaunawaan, mapalapit ang ugnayan, o mapanatili ang kaakuhan. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, maaaring gamitin ang teorya upang ipaliwanag kung bakit gumagamit ng pagpapalit-palit ng wika ang mga guro, maaaring ito ay paraan para maging maayos ang daloy ng komunikasyon, mapadali ang pagpapaliwanag ng aralin, o makibagay sa lingguwistikong kakayahan ng kanilang kausap. Ipinakita rin nito na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang kakulangan sa kasanayan sa wika kundi isang estratehikong pagpili upang mapabuti ang interaksyon sa loob ng klase.

Ilang pag-aaral ang gumamit ng teoryang ito upang ipaliwanag ang pag-aangkop ng wika sa mga sitwasyong pang-edukasyon. Halimbawa, ginamit nina Gallois et al., (2005) ang *Communication Accommodation Theory* upang ipakita kung paano naaapektuhan ng pag-aangkop sa wika ang interaksiyong panlipunan at pagkatuto. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Soliz at Giles (2014) na ang akomodasyon sa komunikasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng ugnayan at magkatuwang na pag-unawa sa loob ng mga pangkat. Kaugnay nito, ginamit din nina Shepard et al. (2001) ang teorya upang ipaliwanag kung paano nagiging kasangkapan ang adaptasyong pang-wika sa pakikipagtalastasang interpersonal. Pinatitibay ng *Communication Accommodation Theory* ang pagtingin na ang pagpapalit-wika ay isang dinamikong proseso ng pakikipag-ugnayan na nakaugat sa sosyal na kailangan ng bawat mag-aaral sa kanilang pakikipagtalastasan.

Gumamit din ang pananaliksik ng *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978) bilang batayan, na naglalayong ipakita na ang pagkatuto ay nagaganap sa tulong ng interaksyon sa lipunan at ang wika ay pangunahing instrumento sa pagbuo ng kaalaman. Ayon sa pag-aaral na ito, ang pagpapaunawa sa bawat mag-aaral ay isang mahalagang daluyan sa paghubog ng kanilang kaisipan. Sa pagpapalit-wika, nagkakaroon ang bawat mag-aaral ng pagkakataon na gamitin ang kanilang sariling wika bilang suporta upang mas maunawaan ang mas komplikadong konsepto sa pangalawang-wika. Sa ganitong pananaw, ang pagpapalit-palit ng wika ay maaaring magsilbing tulong sa mga mag-aaral na makilahok sa talakayan habang unti-unting pinauunlad ang kanilang kasanayang lingguwistiko.

Maraming pananaliksik ang sumuporta sa aplikasyon ng *Sociocultural Theory* sa pag-aaral ng wika. Ipinakita nina Lantolf at Thorne (2006) na ang interaksyong panlipunan ay mahalaga sa paglinang ng pangalawang-wika dahil dito nabubuo ang kolaboratibong pagkatuto. Gayundin, binigyang-diin nina Swain at Lapkin (2013) sa pagpapadaloy ng talakayan sa loob ng klase ay madalas nilang ginagamit ang dalawa o higit pang mga wika upang mas nakalalahok ang mga mag-aaral.

II. PAMAMARAAN

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng kuwalitatibong penomenolohikal na disenyo. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nakatuon ito sa masusing paggalugad at paglalarawan ng mga karanasan, pananaw, at pagpapakahulugan ng mga kalahok sa isang tiyak na

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

penomenon. Sa pamamagitan nito, nabibigyang-linaw ang diwa at kabuluhan ng kanilang mga karanasan batay sa kanilang sariling salaysay.

Sa kuwalitatibong pananaliksik, ginamit ang penomenolohiya bilang disenyo sapagkat layunin nitong maunawaan ang diwa at kahulugan ng mga karanasang-buhay ng mga kalahok hinggil sa isang tiyak na penomenon. Karaniwang isinasagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng malalimang panayam, pagmamasid, at pagsusuri sa mga kaugnay na batis ng impormasyon upang mailarawan ang esensiya ng kanilang mga karanasan. Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang penomenolohiya ay naglalayong mailarawan at maunawaan ang kahulugan ng magkakatulad na karanasan ng mga kalahok kaugnay ng isang penomenon.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng labindalawang (12) guro mula sa tatlong pampublikong sekundaryang paaralan sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte na pinili sa pamamagitan ng malayuning pagpili o *purposive sampling*. Kabilang dito ang anim (6) na guro mula sa Sto. Tomas National High School, tatlong (3) guro mula sa Tulalian National High School, at tatlong (3) guro mula sa Maguintalunan Integrated School. Mas maraming kalahok ang napili mula sa Sto. Tomas National High School sapagkat higit na malaki ang bilang ng mga guro rito kaysa sa dalawang iba pang paaralan. Sa pamamagitan nito, inaasahang makakalap ng higit na masagana at masusing salaysay hinggil sa kanilang mga karanasan sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan.

Sa pagpili ng mga kalahok, isinasaalang-alang ko ang sumusunod na pamantayan: (1) kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa alinman sa tatlong nabanggit na paaralan; (2) may hindi bababa sa tatlong taong karanasan sa pagtuturo; (3) gumagamit ng Filipino, Ingles, at/o katutubong wika sa pang-araw-araw na pagtuturo at pakikipagtalastasan; at (4) may aktuwal na karanasan sa paggamit ng pagpapalit-wika sa loob ng silid-aralan. Ang mga pamantayang ito ay itinakda upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na karanasan at kaalamang makapagbibigay ng makabuluhang salaysay na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Isinaalang-alang din ng mananaliksik ang paglahok ng mga gurong nagtuturo ng magkakaibang asignatura upang higit na mailarawan ang paggamit ng pagpapalit-wika sa iba’t ibang konteksto ng pagtuturo.

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ako ang nagsilbing pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos**.** Bilang gabay sa pangangalap ng mga kinakailangang impormasyon, bumuo ako ng gabay sa malalimang panayam (*Interview Guide*) na maingat na inihanay ayon sa layunin at mga tanong ng pananaliksik. Binubuo ito ng mga bukas na tanong na nagbigay ng malayang pagkakataon sa mga kalahok na maibahagi ang kanilang mga karanasan, pananaw, saloobin, at pagpapakahulugan hinggil sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan.

Isinagawa ko ang malalimang panayam (*In-Depth Interview*) upang makalikom ng masagana, malalim, at makahulugang salaysay mula sa mga kalahok. Sa bawat panayam, hinayaan kong malayang maipahayag ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan, habang nagsisilbi akong tagapakinig at tagapagpadaloy ng talakayan. Sa pamamagitan ng mga gabay na tanong, higit kong napalalim ang pag-unawa sa mga sitwasyong nag-uudyok sa paggamit ng pagpapalit-wika, sa mga hamong kanilang naranasan, sa mga paraang kanilang isinagawa upang matugunan ang mga ito, at sa mga kahulugang kanilang iniuugnay sa nasabing penomenon.

Upang matiyak ang kaangkupan at kalinawan ng gabay sa panayam, ipinasuri ko ito sa mga dalubhasa sa larangan ng pananaliksik at pagtuturo ng wikang Filipino. Isinaalang-alang ko ang kanilang mga mungkahi at puna sa pagpipino ng bawat tanong upang matiyak na ang mga ito ay malinaw, angkop sa layunin ng pag-aaral, at may kakayahang makalikom ng mayaman, mapananaligan, at makahulugang datos.

Naniniwala ako na ang malalimang panayam ang pinakamainam na kasangkapan sa pag-aaral na ito sapagkat binigyan nito ang mga kalahok ng pagkakataong malayang maibahagi ang kanilang mga karanasang-buhay. Ayon kina Creswell at Poth (2018), ang malalimang panayam ay isang pangunahing pamamaraan sa penomenolohikal na pananaliksik dahil nagbibigay ito ng daan upang maunawaan ang kahulugan ng mga karanasang isinasabuhay ng mga kalahok. Binigyang-diin din ni Chand (2026) na ang tuwirang pakikipanayam ay nakatutulong sa paglikom ng makatotohanan, mapananaligan, at masusing datos na nagsisilbing matibay na saligan ng kwalitatibong pananaliksik.

Mga Hakbang sa Paglikom ng mga Datos

Bilang panimula, tinukoy ko ang mga kalahok sa pag-aaral. Pinili ko ang labindalawang (12) gurong nagtuturo sa mga pampublikong sekundaryang paaralan sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte sapagkat sila ang nagtataglay ng tuwirang karanasan sa penomenong sinisiyasat.

Kasunod nito, humingi ako ng mga kinakailangang pahintulot bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Nagsumite ako ng liham sa Dekano ng Paaralang Gradwado upang makakuha ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral. Matapos nito, nagsumite rin ako ng mga liham sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Davao del Norte, sa Tagapamanihala ng Purok ng Kanlurang Santo Tomas, at sa mga punongguro ng Sto. Tomas National High School, Tulalian National High School, at Maguintalunan Integrated School. Pagkaraan, humingi rin ako ng malayang pahintulot sa bawat gurong napiling maging kalahok sa pag-aaral.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

Pagkaraan nito, ginamit ko ang malayuning pagpili (*purposive sampling*) sa pagpili ng mga kalahok. Tiniyak kong ang bawat kalahok ay tumutugon sa mga itinakdang pamantayan at nagtataglay ng sapat na karanasan sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan upang makapagbahagi ng mayaman at makahulugang salaysay na naaayon sa layunin ng pananaliksik.

Bilang sumunod na hakbang, isinagawa ko ang malalimang panayam bilang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos. Isinagawa ang bawat panayam sa oras at pook na napagkasunduan ng mga kalahok upang matiyak ang kanilang kaginhawahan, kalayaan sa pagpapahayag, at pagiging kumpidensiyal ng kanilang mga tugon.

Kasabay nito, gumamit ako ng gabay sa malalimang panayam at aparatong panrekord sa pangangalap ng datos. Sa pahintulot ng mga kalahok, itinala ko ang kabuoan ng bawat panayam sa pamamagitan ng aparatong panrekord at gumawa rin ako ng mga tala hinggil sa mahahalagang namamasid. Pagkatapos ng bawat panayam, isinalin ko sa nakasulat na anyo ang mga naitalang tugon upang magsilbing batayan sa masusing pagsusuri ng datos.

Sa buong proseso, isinasaalang-alang ko ang mga maaaring maging suliranin sa pangangalap ng datos, tulad ng hindi pagkakatugma ng iskedyul ng mga kalahok at iba pang hindi inaasahang pangyayari. Upang maiwasan ang mga ito, naging maagap ako sa pakikipag-ugnayan sa mga kalahok at naging bukas sa pagsasaayos ng iskedyul ng panayam nang hindi naaapektuhan ang layunin ng pag-aaral.

Sa pagtatapos ng proseso, inayos, kinatalogo, at ligtas kong iningatan ang lahat ng nalikom na datos. Ang mga sipi ng panayam, mga tala, at mga naitalang tunog ay iningatan sa isang aparatong may pananggalang at sa isang ligtas na imbakan ng mga sipi. Tiniyak kong ang lahat ng impormasyong nakalap ay nanatiling kumpidensyal at ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik, alinsunod sa mga umiiral na pamantayang etikal sa pagsasagawa ng kuwalitatibong pananaliksik.

Pagsusuri ng mga Datos

Sa pag-aaral na ito, masinop kong sinuri at binigyang-kahulugan ang lahat ng nalikom na datos upang maunawaan ang diwa ng mga karanasang-buhay ng mga kalahok hinggil sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan. Sa pagsusuri ng mga datos, sinunod ko ang mga hakbang sa penomenolohikal na pagsusuri na inilahad ni Moustakas (1994).

Bilang panimula, isinagawa ko ang *epoche* kung saan sinikap kong isantabi ang aking mga pansariling karanasan, pananaw, at mga paunang palagay upang hindi maimpluwensiyahan ang pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga salaysay ng mga kalahok. Sa paraang ito, naituon ko ang pansin sa kanilang mga tunay na karanasan at pagpapakahulugan sa penomenong pinag-aaralan.

Kasunod nito, paulit-ulit kong binasa ang mga salin ng malalimang panayam upang ganap na maunawaan ang nilalaman ng bawat salaysay. Mula rito, tinukoy ko ang mga makabuluhang pahayag (significant statements) na tuwirang tumutugon sa layunin ng pag-aaral. Itinuring kong magkakapantay ang halaga ng bawat pahayag at inalis ko ang mga magkakapareho at magkakaugnay na pahayag upang maiwan lamang ang mga natatanging impormasyon.

Pagkaraan nito, pinangkat ko ang magkakaugnay na mga makabuluhang pahayag upang makabuo ng mga paksa (tema) na sumasalamin sa magkakatulad na karanasan ng mga kalahok. Ang bawat temang nabuo ay nagsilbing batayan sa masusing pag-unawa sa penomenong pinag-aaralan.

Bilang susunod na hakbang, inilarawan ko ang ano ang naranasan ng mga kalahok (tekstural na paglalarawan) sa paggamit ng pagpapalit-wika. Sinundan ko ito ng paglalarawan kung paano nila naranasan ang penomenon (istruktural na paglalarawan) sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kalagayan, sitwasyon, at kontekstong nakapaligid sa kanilang mga karanasan.

Sa huling yugto ng pagsusuri, pinagsama ko ang tekstural at istruktural na paglalarawan upang mabuo ang diwa o esensiya ng karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan. Ang pinagsamang paglalarawang ito ang nagsilbing batayan sa pagbubuo ng mga natuklasan at pagpapakahulugan sa kabuuan ng pag-aaral.

Mga Etikal na Pagsasaalang-alang

Sa pagsasagawa ng penomenolohikal na pananaliksik, mahigpit kong sinunod ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, kaligtasan, at kapakanan ng mga kalahok. Tiniyak kong kusang-loob ang kanilang pakikilahok sa pamamagitan ng pagkuha ng malayang pahintulot matapos ipaliwanag ang layunin, pamamaraan, pakinabang, at posibleng panganib ng pag-aaral. Iginalang ko ang kanilang mga karanasan, pananaw, at pasiya, kabilang ang karapatang hindi sumagot sa anumang tanong o umatras sa pananaliksik anumang oras.

Bukod dito, tiniyak ko ang pagkapribado at pagiging kumpidensyal ng kanilang mga salaysay sa pamamagitan ng paggamit ng mga sagisag o koda sa halip na tunay na pangalan. Pinanatili ko rin ang katarungan, katapatan, at pagiging obhetibo sa pagpili ng mga kalahok, pangangalap ng datos, at paglalahad ng mga natuklasan. Bilang mananaliksik, isinagawa ko ang pag-aaral nang may sapat na kahusayan, gumamit ng angkop na mga kagamitan, at kinilala ang mahalagang pakikilahok ng mga paaralan, punongguro, at mga gurong naging bahagi ng pananaliksik. Sa kabuuan, isinakatuparan ko ang mga simulain ng etikal na pananaliksik upang matiyak ang integridad, kredibilidad, at pagiging mapananaligan ng pag-aaral (Bhandari, 2024).

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

III. RESULTA AT TALAKAYAN

Mga Karanasang-Buhay ng mga Guro sa Paggamit ng Pagpapalit-wika sa Berbal na Pakikipagtalastasan

Mula sa aking pagsusuri, humantong ako sa tatlong mahahalagang tema: (1) malinaw na pagpapaunawa ng punto; (2) impluwensiya ng kausap; at (3) pedagohikal na estratehiya.

Malinaw na Pagpapaunawa ng Punto. Sa temang *malinaw na pagpapaunawa ng punto*, nabigyang-diin ang tatlong sentral na kaisipan: mas napalilinaw ang pagpapaliwanag ng aralin; napadadali ang pagpapahayag ng nais ipabatid at nakatutulong ang pagpapalit-wika kapag may kakulangan sa kasanayan sa isang wika. Inilahad ng mga kalahok ang sumusunod:

["Kinakailangan para sa akin ang paggamit ng pagpapalit-wika sapagkat higit kong naipaliliwanag ang nais kong ipabatid. (K1)]

["Higit mong naipaliliwanag ang nais mong sabihin sa talakayan. (K2)]

["Kapag hindi ka gaanong bihasa sa isang wika, kinakailangan mong gumamit ng ibang wika". (K2)]

["Mas madali kasing nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin kapag paminsan-minsan akong gumagamit ng pagpapalit-wika sapagkat hindi lahat ay agad na nakauunawa kung Filipino o Ingles lamang ang ginagamit. (K10)]

["Kapag may salitang mahirap ipaliwanag sa Filipino, ipinaliliwanag ko ito sa Bisaya o Ingles upang higit na luminaw ang konsepto at madali nila itong maunawaan. (K11)]

["Ginagamit ko ang pagpapalit-wika batay sa kalagayan ng klase. Ang mahalaga ay maunawaan ng mga mag-aaral ang mensahe at makasabay sila sa talakayan." (K12)]

Ipinakikita ng mga kalahok na ginagamit nila ang pagpapalit-wika upang maging mas malinaw at organisado ang kanilang pagpapahayag, lalo na sa mga talakayan at presentasyon. Ang ganitong gawi ay sumusuporta sa idea nina Shah et al. (2020) ang pagpapalit-wika ay nakatutulong sa bawat tagapagsalita na maipahayag ang kaniyang pananaw, ideolohiya, at identidad sa mas angkop na paraan. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Deuchar (2020) na ang pagpapalit-wika ay karaniwang binubuo ng mas mahahabang pahayag na gumagamit ng dalawang wika upang mapanatili ang kahulugan ng mensahe. Ipinahihiwatig nito na kapag nahihirapan ang mga o guro o mag-aaral kaya sa isang wika, nagiging alternatibong estratehiya ang paggamit ng isa pang wika upang maiwasan ang maling paghahatid ng mga mensahe. Dahil dito, nagkakaroon sila ng higit na kumpiyansa sa pagbabahagi ng ideya at mas nagiging mabisa ang kanilang akademikong paglahok.

Ayon kay Macaro (2020), ang maayos at planadong paggamit ng unang wika sa loob ng silid-aralan ay nakakatulong upang mabawasan ang *kahirapan sa pag-unawa a*ng bawat mag-aaral. Dahil dito, mas malinaw nilang nauunawaan ang mga konsepto at mas maayos ang kanilang pagpapahayag. Ipinakikita rin ng mga salaysay na ang paggamit ng unang wika tungo sa pangalawang wika ay hindi senyales ng kakulangan sa kasanayan, kundi paggamit ng isang mabisang paraan upang mapanatili ang tuloy-tuloy na daloy ng pag-iisip at pakikipagtalastasan.

Binigyang-diin nina Garcia at Wei (2014) sa konsepto ng pagpapalit-wika na ang maluwag na paggamit ng maraming wika ay nangangahulugan lamang na lumalawak ang kalipunan ng mga kakayahang pangwika ng bawat tagapagsalita upang maipahayag ang kahulugan nang mas tumpak. Sa ganitong pananaw, ang pagpapalit-wika ay nagiging makabuluhang kasangkapan sa pagbuo ng kaalaman dahil pinahihintulutan nito ng bawat mag-aaral na pagsamahin ang kaniyang mga karanasang lingguwistiko sa proseso ng pagkatuto. Kapag nagagamit nila ang wikang higit nilang nauunawaan, mas nagiging malalim ang kanilang pag-aanalisa at mas naipakikita ang kanilang akademikong kakayahan.

Impluwensiya ng Kausap. Sa temang *impluwensiya ng kausap*, nabatid ang tatlong sentral na kaisipan: naiimpluwensiyahan ng guro ang paggamit ng pagpapalit-wika; naiimpluwensiyahan ng mga kausap ang pagpili ng wikang gagamitin; at naaayon sa sitwasyon at kausap ang paggamit ng pagpapalit-wika. Sa mga kaisipang ito, nagsalaysay ang mga kalahok:

["Lalo na kapag guro ang gumagamit ng pagpapalit-wika, mas nagiging mabisa ang pagpapabatid ng mensahe." (K1)]

["Nakagagamit ako ng pagpapalit-wika lalo na kung may mga mag-aaral akong kailangan pa ang pagsasalin ang mga paliwanag." (K3)]

[Mas madali kung ako ay nagpapalit-wika depende sa aking mga kausap. (K6)]

["Sa pakikipag-usap ko sa aking mga mag-aaral, likas na sa akin ang paggamit ng pagpapalit-wika sapagkat iyon na ang aking nakagawian." (K7)]

["Kapag hindi pormal ang aming pag-uusap ng aking mga mag-aaral, mas komportable akong hindi lamang iisang wika ang aking ginagamit." (K8)]

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

Ipinakikita ng mga salaysay na ang pagpili ng wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan ay hindi lamang nakabatay sa sariling kagustuhan, kundi higit na naaapektuhan ng taong kausap at ng sitwasyong kinapapalooban ng komunikasyon. Bilang guro, ginagamit ang pagpapalit-wika upang matiyak na malinaw na naipahahatid ang mensahe, lalo na kapag kinakailangang iangkop ang pagpapaliwanag sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Lumilitaw na ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing isang estratehiyang pampakikipagtalastasan na nagbibigay-daan upang maging higit na mabisa ang interaksiyon sa loob ng silid-aralan.

Ang pahayag ng mga kalahok na higit nilang nagagamit ang pagpapalit-wika kapag nakikipag-usap sa kanilang mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na ang kausap ang nagiging pangunahing batayan sa pagpili ng wikang gagamitin nila. Kapag napapansin nilang nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang isang paliwanag, kusang nagaganap ang paglipat sa ibang wikang higit na pamilyar sa mga ito. Ipinababatid nito na ang pagpapalit-wika ay hindi bunga ng kakulangan sa kahusayan sa isang wika, kundi isang sinasadyang paraan upang maiangkop ang pakikipagtalastasan sa pangangailangan ng tagapakinig. Ang ganitong natuklasan ay umaayon sa pananaw nina Wijaya et al. (2020) na ginagamit ang pagpapalit-wika upang maging mas malinaw ang paghahatid ng mensahe, maiwasan ang hindi pagkakaunawaan, at maiangkop ang komunikasyon sa antas ng pag-unawa ng kausap. Sa ganitong paraan, higit na nagiging mabisa ang pagpapabatid ng kaalaman at mas napatitibay ang ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita at ng kaniyang mga tagapakinig.

Nakikita rin sa mga salaysay na ang pagpapalit-wika ay nagiging higit na natural kapag ang pakikipagtalastasan ay nagaganap sa isang impormal na sitwasyon. Sa ganitong kalagayan, nagiging malaya ang paggamit ng iba't ibang wika upang mapanatili ang magaan at bukas na talakayan. Ipinahihiwatig nito na ang konteksto ng komunikasyon ay may malaking impluwensiya sa pagpili ng wikang ginagamit. Ang natuklasang ito ay sumasang-ayon sa paliwanag nina Shin et al. (2020) na ang maingat at sinasadyang paggamit ng unang wika sa loob ng silid-aralan ay nagpapalinaw sa mga paliwanag, nagpapababa sa pagkalito ng mga mag-aaral, at naghihikayat ng higit na aktibong pakikilahok sa talakayan. Sa gayon, ang pagpapalit-wika ay nagiging isang mabisang estratehiya upang maging makabuluhan at maayos ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Higit pa rito, ipinaaalam ng mga pahayag ng mga kalahok na ang kanilang pagpapalit-wika ay nakabatay sa kanilang pagnanais na maitaguyod ang mabuting ugnayan sa kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang higit na komportable at nauunawaan ng kanilang mga kausap, nagiging mas bukas ang pakikipagtalastasan at higit na nagkakaroon ng tiwala ang mga mag-aaral na makibahagi sa talakayan. Ang ganitong resulta ay pinagtitibay ng sistematikong pagsusuri ni Ramaila (2025), na nagsasabing ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing tulay upang mapataas ang pag-unawa, pakikilahok, at pakiramdam ng pagiging kabilang ng mga kasapi ng isang pangkat. Sa kontekstong pang-edukasyon, mahalaga ang ganitong ugnayan sapagkat lumilikha ito ng isang kapaligirang nagpapalakas sa loob ng mga mag-aaral na magtanong, magpahayag ng kanilang saloobin, at aktibong makilahok sa proseso ng pagkatuto.

Kaakibat nito, ipinaliwanag nina Ahmad at Shahid (2023) na ang pagpapalit-wika ay isang anyo ng pag-aangkop ng tagapagsalita sa katangian, inaasahan, at pangangailangan ng kaniyang kausap. Ang pananaw na ito ay malinaw na nasasalamin sa mga salaysay ng mga kalahok, sapagkat ipinakikita nilang ang pagpili ng wikang ginagamit ay nakabatay sa kung sino ang kanilang kausap at sa layunin ng kanilang pakikipagtalastasan. Samakatuwid, ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang penomenong lingguwistiko kundi isa ring manipestasyon ng pagiging mapag-angkop ng guro upang matiyak na ang kaniyang mensahe ay magiging malinaw, angkop, at makabuluhan sa kaniyang mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang kausap ay may malaking impluwensiya sa paggamit ng pagpapalit-wika. Bilang guro, isinasaalang-alang ko ang antas ng pag-unawa, pangangailangan, at kaligiran ng aking mga mag-aaral sa pagpili ng wikang aking ginagamit. Dahil dito, ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing isang makabuluhang estratehiya upang mapahusay ang komunikasyon, mapatatag ang ugnayan ng guro at mag-aaral, at maisulong ang mas mabisa at inklusibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Pedagohikal na Estratehiya. Sa temang *pedagohikal na estratehiya*, nabatid ang tatlong sentral na kaisipan: nagsisilbing estratehiya sa mabisang pagpapaliwanag ng aralin; nagpapataas ng pag-unawa sa talakayan; at nagiging higit na mabisa ang pakikipagtalastasan sa klase.

Sa mga kaisipang ito, malugod na isinalaysay ng mga kalahok:

["Mas naipaliwanag ko nang mabuti ang nais kong ipabatid at mas nauunawaan ko rin ang paksang aking tinatalakay."(K1)]

[“Mas nagkakaunawaan kami kapag ang aming kausap ay gumagamit din ng wikang ginagamit namin.” (K6)]

[“Mas panatag akong makipag-usap sapagkat higit na likás kong nagagamit ang aking wika.” (K4)]

[“Mas madali kong naipahahayag ang aking mga saloobin at pananaw kapag ang gamit ko ay ang wikang higit kong kinagisnan.” (K5)]

[“Mas malinaw ang aming pagkakaunawaan sa aming pag-uusap sapagkat pareho naming nauunawaan at ginagamit ang aming sariling wika.” (K9)]

Ipinababatid ng mga kalahok na ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing mahalagang estratehiyang pedagohikal sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino. Mula sa kanilang mga salaysay, malinaw na ang paggamit ng higit sa isang wika ay hindi lamang nagpapadali sa pagpapaliwanag ng aralin kundi nagiging daan din upang higit na maunawaan ang mga konseptong tinatalakay sa klase. Sa pamamagitan ng pagpapalit-wika, nagiging mas malinaw ang paglalahad ng guro at mas madaling naipahahayag ng mga mag-aaral

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

ang kanilang mga saloobin, opinyon, at pag-unawa sa aralin. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan ang pakikipagtalastasan sa loob ng silid-aralan.

Batay sa aking pagsusuri, ang kakayahan ng mga kalahok na gumamit ng wikang higit nilang kinagisnan ay nagbigay sa kanila ng higit na kapanatagan at tiwala sa sarili sa pakikilahok sa talakayan. Kapag nagagamit nila ang wikang kanilang kinagisnan, mas mabilis nilang naipahahayag ang kanilang mga idea at mas nagiging malinaw ang pagpapaliwanag ng mga konseptong maaaring maging mahirap ipahayag kung iisang wika lamang ang gagamitin. Ipinakikita nito na ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing tulay upang mapag-ugnay ang dating kaalaman ng mag-aaral at ang bagong kaalamang kanilang binubuo sa loob ng klase.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Macaro (2022), na nagsabing ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing mabisang estratehiya sa pagtuturo sapagkat napadadali nito ang pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto, pagbibigay ng mga halimbawa, at paglilinaw ng mga abstraktong idea. Natuklasan din niya na sa pamamagitan ng paggamit ng unang wika o wikang ng tahanan ng mga mag-aaral, nagiging higit na malinaw ang pag-unawa nila sa aralin at nababawasan ang mga hadlang sa pagkatuto.

Kaagapay rin nito ang pananaw nina Canale at Swain (1980) sa Teorya ng Kakayahang Pangkomunikatibo, na nagsasaad na ang matagumpay na pakikipagtalastasan ay hindi lamang nakabatay sa wastong gramatika kundi sa kakayahang gamitin ang angkop na wika ayon sa sitwasyon at pangangailangan ng mga kalahok sa komunikasyon. Sa kontekstong ito, ang pagpapalit-wika ay nagiging isang makabuluhang estratehiya upang mapanatiling malinaw, makabuluhan, at mabisa ang interaksyon sa loob ng silid-aralan.


Higit pa rito, sinang-ayunan din ito nina García at Wei (2014), na nagbigay-diin na ang mga mag-aaral ay hindi dapat tingnan bilang gumagamit ng magkakahiwalay na wika, kundi bilang mga indibiduwal na may iisang malawak na kasanayan at karanasang panlinguwistika na kanilang ginagamit upang makabuo ng mga kahulugan. Ayon sa kanila, ang malayang paggamit ng iba't ibang wikang taglay ng mga mag-aaral ay nagpapalawak sa kanilang pag-unawa, nagpapasigla sa kanilang paglahok, at nagpapahusay sa kanilang pagkatuto.

Katulad din nito ang natuklasan nina Probyn (2009), na nagsabing ang pagpapalit-wika ay isang mahalagang kagamitang pedagohikal lalo na sa pagpapaliwanag ng mga konseptong akademiko. Ipinakita sa kaniyang pag-aaral na nagiging mas mabisa ang pagtuturo kapag ginagamit ng guro ang wikang nakagisnan ng mga mag-aaral upang linawin ang mahihirap na aralin, magbigay ng karagdagang paliwanag, at matiyak ang pag-unawa ng buong klase.

Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Tai (2025), na nagpakitang ang paggamit ng higit sa isang wika sa diskurso ng klase ay nakapagpapataas ng pakikilahok ng bawat mag-aaral at nakatutulong sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng komplikadong idea. Natuklasan nila na ng bawat mag-aaral ay mas nagiging aktibo sa talakayan kapag pinahihintulutang gumamit ng iba’t ibang wika, sapagkat nababawasan ang alinlangan sa paggamit ng wika at tumataas ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita. Sa gayon, pinagtitibay ng kanilang pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay hindi hadlang sa pagkatuto, bagkus ay isang mabisang estratehiyang pangkomunikasyon na nagpapalalim ng pag-unawa, nagpapataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

Mula sa masusing pagsusuri ng mga pahayag ng mga kalahok, nabuo ang tatlong pangunahing tema na sumasalamin sa kanilang mga aktuwal na karanasan sa paggamit ng pagpapalit-wika sa loob ng silid-aralan at sa iba pang sitwasyong pampakikipagtalastasan. Ang mga temang ito ay (1) malinaw na pagpapaunawa ng punto, (2) impluwensiya ng kausap, at (3) pedagohikal na

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal



Talangguhitan 1. Mga Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Pagpapalit-wika sa Berbal na Pakikipagtalastasan

estratehiya. Ang bawat tema ay binubuo ng tatlong pangunahing kaisipan na nagpapakita kung paano ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika sa kanilang pang-araw-araw na gawain sa pagtuturo at pakikipagtalastasan.

Sa konteksto ng mga pampublikong mattas na paaralan sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte, karaniwan nang ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang Filipino, Cebuano, at Ingles sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Dahil sa multilingguwal na kapaligirang ito, nagiging likas ang paggamit ng pagpapalit-wika bilang bahagi ng interaksyon sa loob ng silid-aralan. Ipinakikita ng mga karanasan ng mga kalahok na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang bunga ng nakasanayang paraan ng pakikipag-usap, kundi isa ring kasangkapan upang maging malinaw ang pagpapahayag ng mga konsepto, mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at mapanatili ang mabisang pakikipagtalastasan sa iba't ibang sitwasyon ng pagtuturo.

Ipinakikita ng unang tema, na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika upang higit na maging malinaw ang pagpapaliwanag ng aralin, mapadali ang pagpapahayag ng kanilang nais ipabatid, at matugunan ang kakulangan sa kasanayan sa isang wika. Ipinahihiwatig nito na nagsisilbing tulay ang pagpapalit-wika upang maiparating nang mabisa ang mensahe at matiyak ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ipinakikita ng ikalawang tema na ang paggamit ng pagpapalit-wika ay naaapektuhan ng uri ng kausap at ng sitwasyong kinabibilangan ng pakikipagtalastasan. Isinasaalang-alang ng mga guro ang wikang higit na nauunawaan ng mga kausap at inaangkop ang kanilang paraan ng pakikipagtalastasan para maging malinaw at mabisa.

Samantala, binibigyang-diin ng ikatlong tema na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika bilang isang estratehiya sa pagtuturo. Mula sa kanilang mga salaysay, lumilitaw na nagiging mas malinaw ang pagpapaliwanag ng aralin, tumataas ang antas ng

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

pag-unawa ng mga mag-aaral, at nagiging higit na mabisa ang pakikipagtalastasan sa loob ng silid-aralan sa pamamagitan ng angkop na paggamit ng iba't ibang wika.

Nasasabing ang pagpapalit-wika ay mahalagang bahagi ng berbal na pakikipagtalastasan at sa araw-araw na pagtuturo. Higit pa sa pagiging isang pangkaraniwang gawi, nagsisilbi itong mabisang kasangkapan sa pagpapaliwanag ng aralin, pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral, at pag-angkop sa iba't ibang sitwasyong pampakikipagtalastasan na kanilang nararanasan sa loob ng silid-aralan.

Ang mga Hamon at Sitwasyong Naranasan ng mga Guro sa Paggamit ng Pagpapalit-Wika sa Berbal na Pakikipagtalastasan

Batay sa masusing pagsusuri ng mga nakalap na salaysay, lumitaw ang mahahalagang temang nagpapakita kung paano ginagamit ang pagpapalit-wika upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pakikipagtalastasan at pagtuturo. Ipinakita rin ng mga natuklasan na ang paggamit ng pagpapalit-wika ay masistemang gawain, at nakabatay sa kausap, sitwasyon, at layunin ng pakikipagtalastasan. Mula rito sa aking ginawang pagsusuri, nabuo ang sumusunod na mga tema: (1) pag-aangkop ng wika batay sa kausap at sitwasyon, (2) paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiyang panturo, at (3) pagbibigay ng priyoridad sa mabisang pag-unawa.

Pag-aangkop ng Wika Batay sa Kausap at Sitwasyon. Ipinakikita ng mga salaysay ng mga kalahok na ang paggamit ng pagpapalit-wika ay nakabatay sa kanilang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyon ng pakikipagtalastasan. Lumitaw na isinasaalang-alang nila ang wikang higit na angkop sa layunin ng komunikasyon, sa pangangailangan ng kanilang kausap, at sa kontekstong kanilang kinabibilangan. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-wika ay isang sinasadyang estratehiya upang maging malinaw, mabisa, at angkop ang pagpapahayag. Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang tatlong sentral na kaisipan na nagpapaliwanag sa temang: pagpili ng guro ng wikang gagamitin; pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng kausap; at pagpapakita ng kakayahang umangkop sa mga sitwasyon.

> [“Ginagamit ko ang wikang higit na angkop upang mas malinaw kong maipaliwanag ang nais kong ipabatid. (K1)]
>
> [“Isinasaalang-alang ko kung aling wika ang higit na mauunawaan ng aking kausap upang mas madali kaming magkaunawaan. (K2)]
>
> [“Inaangkop ko ang aking ginagamit na wika batay sa sitwasyon at sa aking kausap.” (K3)]
>
> [“Paminsan-minsan ay nagpapalit ako ng wika upang maging mas maayos ang usapan at mas madali akong maunawaan. (K4)]
>
> [“Nakasalalay sa aking kausap ang wikang ginagamit ko. Kung saang wika sila higit na komportable, iyon din ang aking gagamitin upang maging maayos ang aming komunikasyon. (K5)

Batay sa mga salaysay ng mga kalahok, aking nakita na ang pagpili ng wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan ay isang sinasadyang pasya upang maging higit na malinaw at mabisa ang pagpapahayag ng mensahe. Ipinakita ng mga kalahok na hindi nila itinatakda ang kanilang sarili sa iisang wika lamang, bagkus ay maingat nilang pinipili ang wikang higit na angkop sa layunin ng komunikasyon. Lumilitaw na ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing estratehiya upang maipahayag nang malinaw ang nais sabihin at maiwasan ang hindi pagkakaunawaan. Ipinahihiwatig nito na ang pagpili ng wikang gagamitin ay hindi lamang usapin ng kaginhawahan kundi isang pedagohikal at pampakikipagtalastasang pagpapasya na nakabatay sa sitwasyon at sa pagiging mabisa ng pakikipagtalastasan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pananaw nina García at Wei (2014) na ang mga guro ay sadyang gumagamit ng kanilang buong kakayahang pangwika upang mapadali ang pagbuo ng kahulugan at maging higit na makabuluhan ang interaksiyon sa loob at labas ng silid-aralan. Sa halip na iturin na magkakahiwalay ang mga wika, ginagamit ng mga guro ang lahat ng kanilang yamang pangwika upang matugunan ang pangangailangan ng pakikipagtalastasan. Katulad nito, binigyang-diin ni Macaro (2018) na ang angkop na pagpili ng wika ay nakatutulong nang malaki upang maging mas malinaw at higit na nauunawaan ang pagpapaliwanag ng mga konsepto, mapanatili ang maunawang daloy ng talakayan, at mapataas ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Samakatuwid, pinagtitibay ng mga pag-aaral na ang pagpili ng wikang gagamitin ay isang sinasadyang hakbang ng guro upang maging mabisa, angkop, at makabuluhan ang proseso ng pagtuturo at pakikipagtalastasan.

Paggamit ng Pagpapalit-wika Bilang Estratehiyang Panturo. Ipinakikita ng mga salaysay ng mga gurong-kalahok na ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing mahalagang estratehiya sa proseso ng pagtuturo upang maging higit na malinaw, mabisa, at makabuluhan ang paghahatid ng kaalaman. Lumitaw sa aking pagsusuri ng mga datos na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika upang mapadali ang pagpapaliwanag ng aralin, maituwid ang mga hindi pagkakaunawaan o kamalian sa pakikipagtalastasan, at maging mabisang kasangkapan sa pagpapadali ng pagtuturo at pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

paraan ng pakikipagtalastasan, kundi isang sinasadyang estratehiyang pedagohikal na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang tatlong sentral na kaisipan na nagpapaliwanag sa temang ito: paggamit ng pagpapalit-wika sa pagtuturo); paglilinaw sa mga kamalian sa pagpapalit-wika); at paggamit ng pagpapalit-wika bilang kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto. Naisalaysay ng mga kalahok ang sumusunod:

["Ginagamit ko ang pagpapalit-wika upang mas madali kong maipaliwanag ang aralin." (K1)]

["Kapag may hindi pagkakaunawaan, nililinaw ko ito sa pamamagitan ng paggamit ng ibang wika." (K11)]

["Ginagamit ko ang pagpapalit-wika bilang kasangkapan upang maging higit na madali ang pagtuturo at pagkatuto." (K12)]

["Mas madali kong naipaliliwanag ang tiyak na kahulugan ng aralin kapag paminsan-minsan akong gumagamit ng pagpapalit-wika. (K7)]

["Kapag mahirap unawain ang paksa, nagpapalit ako ng wika upang mas madaling makasabay ang mga mag-aaral. (K10)]

Batay sa aking pagsusuri sa mga salaysay ng mga gurong-kalahok, aking nakita na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika bilang isang mabisang estratehiya sa pagtuturo upang maging mas malinaw at higit na madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Ipinababatid ng kanilang mga pahayag na ang pagpapalit-wika ay nakatutulong sa pagpapaliwanag ng mga konseptong mahirap unawain at sa pagbibigay ng tiyak na kahulugan sa mga aralin. Dahil dito, nagiging mas mabisa ang paghahatid ng kaalaman at napananatili ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang paraan ng pagpapalit ng wikang ginagamit, kundi isang sinasadyang estratehiyang pedagohikal na naglalayong mapadali ang pagkatuto at mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina García at Wei (2014), na nagpaliwanag na ang paggamit ng buong kakayahang pangwika ng guro ay nagbibigay ng higit na pagkakataon upang maging makabuluhan at mabisa ang pagkatuto. Ayon sa kanila, ang malayang paggamit ng iba't ibang wika ay nagpapadali sa pagbuo ng kahulugan at sa pag-uugnay ng dating kaalaman sa mga bagong konseptong tinatalakay. Gayundin, binigyang-diin ni Macaro (2018) na ang estratehikong paggamit ng higit sa isang wika sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto, nagpapataas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, at nagpapanatili ng mabisang interaksiyon sa loob ng silid-aralan. Dagdag pa rito, natuklasan ni Tai (2025) na ang paggamit ng higit sa isang wika sa talakayan sa klase ay nagpapataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral, nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa mga aralin, at nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa pakikipagtalastasan. Samakatuwid, pinagtitibay ng mga pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay isang mabisang estratehiyang panturo na tumutulong sa mga guro upang maging higit na malinaw, makabuluhan, at mabisa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Pagbibigay ng Priyoridad sa Mabisang Pag-unawa. Ang pagpapalit-wika ay isang mahalagang estratehiyang panturo na ginagamit upang matiyak ang mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumitaw sa aking pagsusuri ng mga datos na ang pangunahing layunin ng paggamit ng pagpapalit-wika ay hindi lamang upang mapadali ang paghahatid ng kaalaman, kundi higit sa lahat ay upang matiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong tinatalakay. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-wika ay isang sinasadyang estratehiyang pedagohikal na isinasaalang-alang ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at ang pagiging angkop ng wikang ginagamit sa pagtuturo. Mula sa pagsusuri ng mga datos hango sa pinalalim na panayam, nabuo ang tatlong sentral na kaisipan na nagpapaliwanag sa temang ito: inuuna ang malinaw na pag-unawa; paggamit ng wikang higit na nauunawaan; at paggamit ng pagpapalit-wika para sa pag-unawa. May katapatang inilahad ng mga kalahok ang sumusunod:

["Ginagamit ko ang pagpapalit-wika upang higit na maunawaan ng aking mga mag-aaral ang aralin." (K1)]

["Kapag napapansin kong nalilito ang aking mga mag-aaral, nagpapalit ako ng wika upang maging higit na malinaw ang aking pagpapaliwanag.(K2)]

["Para sa akin, higit na mahalaga na maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin kaysa manatili lamang sa paggamit ng iisang wika.' (K3)

["Nagpapalit ako ng wika kung kinakailangan upang walang mag-aaral na maiwan sa talakayan at makasabay silang lahat.] (K4)

["Inuuna ko ang pag-unawa ng aking mga mag-aaral, kaya gumagamit ako ng ibang wika kung higit itong makatutulong sa kanilang pagkatuto. (K5)]

Nababatid ko batay sa mga nakalap na datos na ang pangunahing layunin ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika ay ang matiyak na malinaw na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga araling kanilang tinatalakay. Lumitaw sa kanilang mga salaysay na inuuna nila ang pag-unawa ng mga mag-aaral kaysa sa mahigpit na paggamit ng iisang wika. Kapag napapansin nilang nahihirapang sumunod o nalilito ang mga mag-aaral, sinasadya nilang gumamit ng wikang higit na pamilyar at madaling maunawaan upang maging

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

malinaw ang pagpapaliwanag ng mga konsepto. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang estratehiya sa pakikipagtalastasan kundi isang mahalagang kasangkapang pedagohikal na nakatuon sa pagtiyak na ang bawat mag-aaral ay nakasusunod, nakauunawa, at aktibong nakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa pananaw ni Tupas (2003), na nagsabing ang paggamit ng higit sa isang wika sa silid-aralan ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan upang maging higit na inklusibo, makabuluhan, at mabisa ang pagkatuto. Ipinakita niya na ang pag-aangkop ng wikang ginagamit sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagbuo ng mas malinaw na pag-unawa at mas mabisang pakikipagtalastasan. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Casalan at Metila (2022) na ang paggamit ng unang wika kasabay ng ikalawang wika ay nakapagpapadali sa pagkatuto at nakatutulong sa pagpapaliwanag ng mga komplikadong konsepto. Ipinaliwanag nila na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin kapag naiuugnay ang mga bagong kaalaman sa wikang higit nilang nauunawaan. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay isang sinasadyang estratehiyang panturo na inuuna ang malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral at nagsisilbing mabisang paraan upang maging makabuluhan at mabisa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.


Inilalarawan ng Talangguhitan 2 ang mga hamon at sitwasyong naranasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan. Mula sa masusing pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, nabuo ang tatlong pangunahing tema na nagpapakita ng mga paraang kanilang ginagamit upang matugunan ang mga hamon sa paggamit ng iba't ibang wika sa pagtuturo. Kabilang sa mga temang ito ang (1) pag-aangkop ng wika batay sa kausap at sitwasyon, (2) paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiya, at (3) pagbibigay ng priyoridad sa mabisang pag-unawa. Ang bawat tema ay binubuo ng tatlong pangunahing kaisipan na nagpapakita ng kanilang mga karanasan at tugon sa iba't ibang sitwasyong pampakikipagtalastasan sa loob ng silid-aralan.

Ipinakikita ng unang tema na isinasaalang-alang ng mga guro ang pagpili ng wikang kanilang gagamitin, ang pangangailangan ng kanilang kausap, at ang pag-angkop ng kanilang paraan ng pakikipagtalastasan ayon sa sitwasyong kanilang kinahaharap. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng pagpapalit-wika ay hindi basta-basta isinasagawa, kundi bunga ng maingat na pagpapasya upang maging malinaw at mabisa ang komunikasyon. Samantala, binibigyang-diin ng ikalawang tema, na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika bilang kasangkapan sa pagtuturo. Kabilang dito ang paggamit nito sa pagpapaliwanag ng aralin, paglilinaw ng mga hindi pagkakaunawaan o kamalian sa paggamit ng wika, at pagsasakatuparan nito bilang isang estratehiyang nakatutulong sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa huli, ipinakikita ng ikatlong tema, na higit na pinahahalagahan ng mga guro ang pagtiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Dahil dito, ginagamit nila ang wikang higit na nauunawaan ng mga mag-aaral at isinasagawa ang pagpapalit-wika kung kinakailangan upang maging mas malinaw ang pagpapaliwanag at higit na mapadali ang pag-unawa sa mga konseptong tinatalakay.

Sa paglalahat ng pagpapaliwanag, ipinakikita ng talangguhitan na ang pagharap ng mga guro sa mga hamon sa paggamit ng pagpapalit-wika ay nakabatay sa kanilang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyong pampakikipagtalastasan, sa estratehikong paggamit ng iba't ibang wika sa pagtuturo, at sa kanilang patuloy na pagbibigay-priyoridad sa malinaw at makabuluhang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga temang ito ang

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal



Talangguhitan 2. Ang mga Hamon at Sitwasyong Naranasan ng mga Guro sa Paggamit ng Pagpapalit-Wika sa Berbal na Pakikipagtalastasan

nagsilbing batayan sa mas malalim na pagsusuri ng mga karanasan ng mga kalahok sa mga susunod na bahagi ng pagtalakay.

Sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte, karaniwan nang umiiral ang multilingguwal na kapaligiran kung saan ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang Filipino, Cebuano, at Ingles sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Dahil sa pagkakaiba-iba ng antas ng kasanayang pangwika at sa magkakaibang karanasang lingguwistiko ng mga mag-aaral, nahaharap ang mga guro sa iba't ibang hamon sa pagpili ng wikang gagamitin sa pagtuturo.

Mungkahing Maibabahagi ng mga Guro Upang Higit na Mapaunlad ang

Pagtuturo at Paggamit ng Pagpapalit-Wika sa Filipino sa Berbal na Pakikipagtalastasan

Mula sa pagsusuri ng mga nakalap na datos hinggil sa karanasan ng mga guro sa berbal na pakikipagtalastasan, umusbong ang mga mahahalagang kaisipan na naglalayong paunlarin ang paggamit ng pagpapalit-wika sa konteksto ng pagtuturo. Ang mga kaisipang ito ay nakapaloob sa tatlong pangunahing tema ng pag-aaral: ang (1) pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika upang mas mapagbuti ang kanilang kasanayan; ang (2) maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang matiyak na ito ay angkop sa antas ng kanilang pag-unawa; at ang (3) pagbuo ng mas angkop na kagamitang panturo at mga estratehiya na magsisilbing kongretong gabay sa loob ng silid-aralan.

Pagpapahusay ng Kaalaman at Kakayahan ng mga Guro sa Paggamit ng Pagpapalit-wika. Sa temang *pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika,* nabatid ang tatlong sentral na kaisipan: pagdalo sa mga pagsasanay at seminar, pagpapalawak ng kaalamang pangwika, at patuloy na pagpapaunlad ng kasanayang panturo. Malugod kong ibinahagi ang mga sumusunod:

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

["Mas makabubuti kung magkakaroon pa ng mga pagsasanay tungkol sa pagpapalit-wika upang higit kong mapaunlad ang aking kaalaman at kakayahan. (K2)]

["Kinakailangan ko pang mapalawak ang aking kaalaman sa wastong paggamit ng wika." (K12)]

[Mahalagang patuloy kong mapaghusay ang aking mga estratehiya sa pagtuturo. (K3)]

Mula sa aking nalikom na mga pahayag, ipinahihiwatig kong mahalaga ang patuloy na paglinang ng kaalaman at kakayahan sa paggamit ng pagpapalit-wika upang maging higit na mabisa ang pagtuturo. Naniniwala akong ang paglahok sa mga pagsasanay at seminar ay nagbibigay ng pagkakataong mapalawak ang kaalamang pangwika at mapaunlad ang mga estratehiyang panturo. Sa pamamagitan nito, higit natutugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at nagiging mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina García at Wei (2014), na nagsasabing mahalaga ang sapat na kaalaman ng guro sa multilingguwal na pedagohiya upang mahusay na magamit ang yamang pangwika ng mga mag-aaral. Sinang-ayunan din ito ni Macaro (2022), na nagbigay-diin na ang patuloy na pagsasanay at pagpapaunlad ng kakayahang pedagohikal ay nagiging daan sa mas sistematiko at mabisang paggamit ng pagpapalit-wika sa silid-aralan. Higit pa rito, ipinakita ni Tai (2025) na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay nagpapahusay sa kanilang kakayahang gamitin ang mga multilingguwal na estratehiya sa pagtuturo.

Maingat at Kontekstuwalisadong Paggamit ng Pagpapalit-wika Batay sa Pangangailangan ng mga Mag-aaral. Sa temang *maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral*, nabatid ang tatlong sentral na kaisipan: pag-angkop ng wika sa mga mag-aaral, pagsasaalang-alang sa konteksto ng pagkatuto, at responsableng paggamit ng pagpapalit-wika. Ibinahagi ko ang mga sumusunod:

["Nakabatay sa antas ng aking mga mag-aaral ang wikang aking gagamitin. (K7)]

["Isinasaalang-alang ko muna ang sitwasyon bago ako gumamit ng pagpapalit-wika." (K9)]

["Hindi ko palaging ginagamit ang pagpapalit-wika; ginagawa ko lamang ito kung kinakailangan." (K1)]

Ipinakikita ng aking mga pahayag na maingat kong isinasaalang-alang ang antas ng pag-unawa ng aking mga mag-aaral at ang konteksto ng pagkatuto bago ako gumamit ng pagpapalit-wika. Hindi ko ito ginagamit sa lahat ng pagkakataon, bagkus ay kapag kinakailangan lamang upang maging malinaw ang pagpapaliwanag at higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Para sa akin, ang pagpapalit-wika ay isang estratehiyang dapat gamitin nang may malinaw na layunin at angkop sa sitwasyong pangklase.

Ang natuklasang ito ay sinusuportahan nina Canale at Swain (1980), na nagsasabing ang mabisang komunikasyon ay nakabatay sa kakayahang pumili ng angkop na wika ayon sa konteksto at layunin ng pakikipagtalastasan. Katulad nito, binigyang-diin nina García at Wei (2014) na ang paggamit ng mga wikang kinagisnan ng mga mag-aaral ay nagiging daan sa mas makabuluhang pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Macaro (2022) na ang pagpapalit-wika ay higit na nagiging mabisa kapag ginagamit lamang ito upang mapalinaw ang konsepto at mapataas ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Pagbuo ng mas Angkop na Kagamitang Panturo at mga Estratehiya. Sa ikatlong tema na: *pagbuo ng mas angkop na kagamitang panturo at mga estratehiya* ay nabatid ang tatlong sentral na kaisipan: paglinang ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo, pagpapayaman ng mga estratehiyang panturo, at pagsasagawa ng mga makabagong gawaing pampagkatuto. Ipinahayag ko ang mga sumusunod:

["Mas makabubuti kung magkakaroon ng mga kagamitang panturo na angkop sa pangangailangan ng aking mga mag-aaral." (K4)]

["Makababuting gumamit pa ako ng iba't ibang estratehiya upang higit nilang maunawaan ang aralin." (K8)]

["Maaari ring gumamit ng mga interaktibong gawain upang higit na makahikayat ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral." (K6)]


Batay sa aking mga nalikom na mga pahayag, naniniwala akong mahalagang magkaroon ng mga kagamitang pampagtuturo at estratehiyang umaayon sa kaligiran at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ko rin na ang paggamit ng mga makabagong gawain at kontekstuwalisadong kagamitan ay nakatutulong upang maging higit na kawili-wili, malinaw, at makabuluhan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa ganitong paraan, nagiging mas aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral at higit nilang nauunawaan ang mga konseptong tinatalakay.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pananaw nina García at Wei (2014), na ang mga kagamitang panturo ay dapat magbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magamit ang kanilang kabuuang kasanayang panlingguwistiko. Sinang-ayunan din ito ni Macaro (2022), na nagsabing ang mga estratehiyang panturo ay dapat suportado ng mga kagamitang angkop sa layunin ng aralin at sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita ni Tai (2025) na ang mga makabagong estratehiya at kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay nakapagpapataas ng pag-unawaat pagganap ng mga mag-aaral. Ipinababatid ng mga mungkahing ibinahagi ng mga kalahok na ang higit na pagpapaunlad ng paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan ay nakasalalay sa patuloy na pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro, sa maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika, at sa pagbuo ng mga angkop na kagamitang panturo at mga estratehiyang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang likas na gawi sa pakikipagtalastasan kundi isang makabuluhang kasangkapang pedagohikal na, kapag ginamit nang may sapat na kaalaman, at malinaw na layunin ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng mga konsepto,

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

pagpapalalim ng pag-unawa, at pagpapahusay ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Dahil dito, mahalagang patuloy na paigtingin ng mga paaralan at mga kinauukulang programang nakatuon sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro.

Ipinakikita sa Talangguhitan 3 ang mga mungkahing ibinahagi ng mga guro upang higit pang mapaunlad ang pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika sa Filipino sa berbal na pakikipagtalastasan, na nakapaloob sa tatlong pangunahing tema. Una, ang pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika. Ikalawa, maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika batay sa mga mag-aaral, at ang ikatlong tema ay ang pagbuo ng mas angkop ng kagamitang panturo at mga estratehiya. Sa pangkalahatan, ipinababatid na ang tagumpay ng pagpapalit-wika ay nakasalalay sa pagbabalanse ng kahusayan ng guro at tunay na pangangailangan ng mga mag-aaral.



Talangguhitan 3. Mungkahing Maibabahagi ng mga Guro Upang Higit na Mapaunlad ang Pagtuturo at Paggamit ng Pagpapalit-Wika sa Filipino sa Berbal na Pakikipagtalastasan

Buod

Isinakatuparan ko ang pag-aaral na ito upang mailarawan at maunawaan ang mga buhay na karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan. Nilayon kong matukoy ang kanilang mga karanasan sa paggamit ng pagpapalit-wika, ang mga hamon at sitwasyong kanilang nararanasan sa paggamit nito, at ang mga mungkahing maaari nilang ibahagi upang higit na mapaunlad ang pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika sa Filipino sa berbal na pakikipagtalastasan.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

Ginamit ko ang kuwalitatibong penomenolohikal na disenyo ng pananaliksik upang mailarawan ang esensya ng mga buhay na karanasan ng mga gurong-kalahok hinggil sa penomenon ng pagpapalit-wika. Lumahok sa pag-aaral ang labindalawang (12) gurong nagtuturo sa tatlong pampublikong mataas na paaralan sa Purok ng Kanlurang Santo Tomas, Sangay ng Davao del Norte, na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang mga datos ay nalikom sa pamamagitan ng malalimang panayam gamit ang balidado at sinuring gabay sa panayam. Ang mga nakalap na datos ay sinuri sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri upang mabuo ang mga pangunahing tema at sentral na kaisipang naging batayan ng paglalapat ng kahulugan ng mga natuklasan.

Natuklasan ko na ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan ay nailarawan sa tatlong pangunahing tema: (1) malinaw na pagpapaunawa ng punto, (2) impluwensiya ng kausap, at (3) pedagohikal na estratehiya. Sa temang pagpapaunawa ng punto, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na pagpapalinaw ng mensahe, pagpapadali ng pagpapaliwanag, at pagbibigay-diin sa nais ipabatid. Sa temang impluwensiya ng kausap, nabuo ang mga sentral na kaisipan na pagpapalit-wika batay sa kausap, pagsasaalang-alang sa antas ng pag-unawa ng kausap, at pagpapanatili ng mabisang komunikasyon. Samantala, sa temang pedagohikal na estratehiya, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na pagpapadali ng pagkatuto, pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral, at paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiyang panturo. Ipinakikita ng mga natuklasang ito na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika bilang isang sinasadya at makabuluhang estratehiya upang maging malinaw, angkop, at mabisa ang pakikipagtalastasan at proseso ng pagtuturo.

Natuklasan ko rin na ang mga hamon at sitwasyong nararanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika ay umusbong sa tatlong pangunahing tema: (1) pag-aangkop ng wika batay sa kausap at sitwasyon, (2) paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiyang panturo, at (3) pagbibigay ng priyoridad sa mabisang pag-unawa. Sa unang tema, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na pagpili ng guro ng wikang gagamitin, pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng kausap, at pagpapakita ng kakayahang umangkop sa mga sitwasyon. Sa ikalawang tema, nabuo ang mga sentral na kaisipan na paggamit ng pagpapalit-wika sa pagtuturo, paglilinaw sa mga kamalian sa pagpapalit-wika, at paggamit ng pagpapalit-wika bilang kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto. Sa ikatlong tema naman, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na inuuna ang malinaw na pag-unawa, paggamit ng wikang higit na nauunawaan, at paggamit ng pagpapalit-wika upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinababatid ng mga natuklasan na ang pagpapalit-wika ay ginagamit ng mga guro bilang isang estratehikong paraan upang matiyak ang mabisang pakikipagtalastasan at makabuluhang pagkatuto.

Sa huling layunin ng pag-aaral, natuklasan ko na ang mga mungkahing ibinahagi ng mga guro upang higit na mapaunlad ang pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika ay umikot sa tatlong pangunahing tema: (1) pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika, (2) maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, at (3) pagbuo ng mas angkop na kagamitang panturo at mga estratehiya. Sa unang tema, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na pagdalo sa mga pagsasanay at seminar, pagpapalawak ng kaalamang pangwika, at patuloy na pagpapaunlad ng kasanayang panturo. Sa ikalawang tema, nabuo ang mga sentral na kaisipan na pag-angkop ng wika sa mga mag-aaral, pagsasaalang-alang sa konteksto ng pagkatuto, at responsableng paggamit ng pagpapalit-wika. Samantala, sa ikatlong tema, lumitaw ang mga sentral na kaisipan na paglinang ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo, pagpapayaman ng mga estratehiyang panturo, at pagsasagawa ng mga makabagong gawaing pampagkatuto. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro, ang maingat na paggamit ng pagpapalit-wika, at ang pagbuo ng mga kontekstuwalisadong kagamitang panturo ay mahalagang salik upang higit na maging mabisa at makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto.

Bilang paglalahat, ipinakilala ng aking pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay isang makabuluhan at estratehikong kasanayang pedagohikal na ginagamit ng mga guro upang mapabuti ang pakikipagtalastasan, mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at maging higit na mabisa ang proseso ng pagtuturo sa isang multilingguwal na konteksto.

Mga Kongklusyon

Inilalahad sa bahaging ito ang mga kongklusyong nabuo batay sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga natuklasan ng pag-aaral. Ang bawat kongklusyon ay tuwirang tumutugon sa mga layunin ng pananaliksik at nagpapamalas ng mahahalagang implikasyon ng mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan.

1. Ang pagpapalit-wika ay isang sinasadya at makabuluhang estratehiyang ginagamit ng mga guro upang maging malinaw, angkop, at mabisa ang berbal na pakikipagtalastasan sa loob ng silid-aralan. Ipinakikita ng natuklasan na ang pagpili ng wikang ginagamit ng mga guro ay nakabatay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, sa kanilang kausap, at sa konteksto ng pagtuturo. Pinagtitibay nito ang *Communication Accommodation Theory* ni Giles (1973), na nagsasaad na ang mga indibidwal ay umaangkop sa paraan ng kanilang pakikipagtalastasan upang makabuo ng higit na mabuting pag-unawa at mas epektibong interaksiyon. Samakatuwid, ang pagpapalit-wika ay hindi payak na paghahalo ng mga wika kundi isang estratehikong pagpapasyang pedagohikal na naglalayong mapabuti ang pakikipagtalastasan at pagkatuto.

2. Ang mga hamon at sitwasyong nararanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika ay nagpapakita na ang pag-aangkop ng wika ay isang mahalagang kasanayang pedagohikal upang matiyak ang malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral. Higit na binibigyang-priyoridad ng mga guro ang pagkatuto kaysa sa mahigpit na paggamit ng iisang wika, kaya ginagamit nila ang wikang higit na nauunawaan ng kanilang mga mag-aaral sa mga pagkakataong kinakailangan. Pinagtitibay nito ang *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978), na nagsasabing ang pagkatuto ay nabubuo sa pamamagitan ng interaksiyong sosyal at ang wika ang pangunahing kasangkapan

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

sa paglinang ng kaalaman. Sa gayon, ang pagpapalit-wika ay nagsisilbing tulay upang maging makabuluhan ang interaksiyon, mapalalim ang pag-unawa, at masuportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

3. Ang higit na pagpapaunlad ng pagtuturo at paggamit ng pagpapalit-wika ay nakasalalay sa patuloy na pagpapahusay ng kaalaman at kakayahan ng mga guro, sa maingat at kontekstuwalisadong paggamit ng iba't ibang wika, at sa pagbuo ng mga kagamitang panturo at estratehiyang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinakikita nito na ang mabisang paggamit ng pagpapalit-wika ay nangangailangan ng patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang higit nilang magamit ang iba't ibang wikang taglay ng mga mag-aaral bilang mga kasangkapan sa makabuluhang pagkatuto. Sa ganitong paraan, higit na naisasakatuparan ang mga prinsipyong ipinahahayag ng *Communication Accommodation Theory* at *Sociocultural Theory*, na kapwa nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-aangkop ng komunikasyon at interaksiyong panlipunan sa pagbuo ng kaalaman.

4. Sa kalahatan, ipinahahayag na ang pagpapalit-wika ay isang lehitimo, sistematiko, at makataong estratehiyang pedagohikal na nararapat gamitin sa pagtuturo ng Filipino sa mga silid-aralang may mag-aaral na nagsasalita ng iba’t ibang wika. Ipinakikita ng pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay hindi dapat ituring na hadlang sa pagkatuto o kakulangan sa kahusayan sa paggamit ng wika, bagkus ay isang mabisang estratehiya na nagpapalawak ng mga pagkakataon para sa inklusibong edukasyon, nagpapataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral, at nagpapalalim ng kanilang pag-unawa. Dahil dito, napatunayan ng pag-aaral ang angkop na aplikasyon ng *Communication Accommodation Theory* ni Giles (1973) at *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1978) sa pagpapaliwanag sa karanasan ng mga guro sa paggamit ng pagpapalit-wika sa berbal na pakikipagtalastasan.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inihahain ko ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Higit pang paigtingin ng *Kagawaran ng Edukasyon* (DepED) ang pagbabalangkas ng mga polisiya, programa, at gawaing pangkapasidad na nagbibigay ng malinaw na gabay sa angkop at mapanagutang paggamit ng pagpapalit-wika bilang estratehiyang pedagohikal. Maaari ding magsagawa ng mga pagsasanay, seminar, at LAC upang higit na mapalawak ang kaalaman at kakayahan ng mga guro sa mabisang paggamit ng pagpapalit-wika sa isang multilingguwal na kapaligiran.

2. Inirerekomenda kong hikayatin ng mga *punong-guro* at iba pang tagapangasiwa ang pagbuo ng isang kulturang pang-akademiko na sumusuporta sa makabuluhan at kontekstuwalisadong paggamit ng pagpapalit-wika. Maaari rin silang maglunsad ng mga Learning Action Cell (LAC), mentoring sessions, at school-based training na nakatuon sa pagbabahagi ng mga mabisang estratehiya at pinakamahusay na gawain sa paggamit ng pagpapalit-wika sa pagtuturo.

3. Inirerekomenda kong gamitin ng *mga guro ng Filipino* ang pagpapalit-wika nang may malinaw na layuning pedagohikal at batay sa antas ng pag-unawa, pangangailangan, at kaligiran ng mga mag-aaral na natututong gumamit ng tamang Filipino. Mahalaga ring patuloy nilang pagyamanin ang kanilang kaalamang pangwika, komunikatibong kakayahan, at mga estratehiyang panturo upang maging higit na mabisa ang paghahatid ng kaalaman at mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

4. Inirerekomenda ko sa mga *tagapag disenyo ng kurikulum* na makabuo ng mga kontekstuwalisado, inklusibo, at multilingguwal na kagamitang pampagtuturo na tumutugon sa iba’t ibang pangangailangang pang-wika ng mga mag-aaral. Mainam ding maisama sa pagdidisenyo ng mga kagamitan ang mga estratehiyang nagpapakita ng angkop na paggamit ng pagpapalit-wika upang higit na mapahusay ang pag-unawa at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral.

5. Inirerekomenda kong gamitin ng *mga mag-aaral* ang pagpapalit-wika bilang isang kasangkapan sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga aralin at sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang makipagtalastasan. Kasabay nito, nararapat din nilang patuloy na paunlarin ang kanilang kasanayan sa paggamit ng Filipino at iba pang wika upang maging higit na mahusay sa iba't ibang sitwasyong pang-akademiko at panlipunan.

6. Inirerekomenda kong magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral ang mga *mananaliksik sa hinaharap* na gumagamit ng ibang disenyo ng pananaliksik, tulad ng *mixed methods* o *quantitative research*, upang higit pang mapalawak ang pag-unawa sa epekto ng mahusay na pagpapalit-wika sa pagkatuto, pagganap, pagganyak, at kakayahang pampakikipagtalastasan ng mga mag-aaral. Maaari ding isagawa ang mga katulad na pag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon, asignatura, at kontekstong pangkultura upang mapagtibay at mapalawak ang mga natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik.

MGA SANGGUNIAN

1. *Ahmad, F., Mahmood, A., & Shahid, M. A. (2023). Code-switching and code-mixing among bilinguals: A sociolinguistic study. Pakistan Social Sciences Review, 7(3), 35–48. https://doi.org/10.35484/pssr.2023(7-III)04*
2. *Aparece, M. L., & Bacasmot, J. B. (2023). Analyzing the impacts of code-switching on foreign language classroom anxiety and English language problems through path analysis. Asian Journal of Education and Social Studies, 41(1), 1–17.*
3. *Bhandari, P. (2024, September 5). What is qualitative research? Methods & examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/qualitative-research/*
4. *Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied Linguistics, 1(1), 1–47. https://doi.org/10.1093/applin/I.1.1*

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 11| November 2026 - Peer Reviewed Journal

5. *Casalan, M. M., & Metila, R. A. (2022). Translanguaging in Philippine multilingual classrooms: Teachers' pedagogical practices and learners' meaning-making. The Asia-Pacific Education Researcher, 31(6), 741–753.*
6. *Chand, S. P. (2026). Questionnaires in Educational Research: Instrument Selection, Design, Validation, and Responsible Use. Advances in Educational Research and Evaluation, 7(1), 375-406. https://doi.org/10.25082/AERE.2026.01.001.*
7. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
8. *Creswell, J.W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications.*
9. *Deuchar, M. (2020). Code-switching in linguistics: A position paper. Languages, 5(2), Article 22. https://doi.org/10.3390/languages5020022.*
10. *De Castro, N. P. G., Parajito, G. P., Realco, J. M. B., & Dacara, J. R. C. (2021). The effects of code-switching to the communicative competence of 21st century learners: A case study. Universitas: The Official Journal of University of Makati, 9(1), 1–17.*
11. *Gallois, C., Ogay, T., & Giles, H. (2005). Communication accommodation theory: A look back and a look ahead. In W. B. Gudykunst (Ed.), Theorizing about intercultural communication (pp. 121–148). Sage.*
12. *García, O., & Wei, L. (2014). Translanguaging: Language, bilingualism and education (2nd ed.). Palgrave Macmillan.*
13. *Giles, H., Taylor, D. M., & Bourhis, R. Y. (1973). Towards a theory of interpersonal accommodation through language: Some Canadian data. Language in Society, 2(2), 177–192. https://doi.org/10.1017/S0047404500000701*
14. *Lantolf, J. P., & Thorne, S. L. (2006). Sociocultural theory and the genesis of second language development. Oxford University Press.*
15. *Macaro, E. (2018). English medium instruction. Oxford University Press.*
16. *Macaro, E. (2020). English medium instruction: Content and language in policy and practice. Oxford University Press.*
17. *Macaro, E. (2022). English medium instruction: Content and language in policy and practice (2nd ed.). Oxford University Press.*
18. *Moustakas, C. (1994). Phenomenological research methods. SAGE Publications. https://doi.org/10.4135/9781412995658./*
19. *Ng, S., & Zayts-Spence, O. (2023). Code-switching in mental health recovery narratives of Hong Kong storytellers. BMC Psychology, 11, Article 180. https://doi.org/10.21203/rs.3.rs-3440199/v1*
20. *de Oliveira, L. C. (2023). Supporting multilingual learners' academic language development: A language-based approach to content instruction. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003264927*
21. *Probyn, M. (2009). Smuggling the vernacular into the classroom: Conflicts and tensions in classroom code-switching in township/rural schools in South Africa. International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 12(2), 123–136. https://doi.org/10.1080/13670050802153137.*
22. *Ramaila, S. (2025). The affordances of code-switching: A systematic review of its roles and impacts in multilingual contexts. African Journal of Teacher Education, 14(1), 142–175.*
23. *Shah, M., Pillai, S., & Sinayah, M. (2020). Identity construction through code-switching practices at a university in Pakistan. GEMA Online® Journal of Language Studies, 20(4), 1–18. https://doi.org/10.17576/gema-2020-2004-01.*
24. *Shepard, C. A., Giles, H., & Le Poire, B. A. (2001). Communication accommodation theory. In W. P. Robinson & H. Giles (Eds.), The new handbook of language and social psychology (pp. 33–56).*
25. *Shin, J. Y., Dixon, L. Q., & Choi, Y. (2020). An updated review on the use of L1 in foreign language classrooms. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 41(5), 406–419. https://doi.org/10.1080/01434632.2019.1684928*
26. *Soliz, J., & Giles, H. (2014). Relational and identity processes in communication: A contextual and meta-analytical review of communication accommodation theory. In E. Cohen (Ed.), Communication Yearbook (Vol. 38, pp. 107–144). Routledge.*
27. *Swain, M., & Lapkin, S. (2013). A Vygotskian sociocultural perspective on immersion education: The L1/L2 debate. Journal of Immersion and Content-Based Language Education, 1(1), 101–129.*
28. *Tai, K. W. H. (2025). Unequal translanguaging: The affordances and limitations of a translanguaging space for alleviating students' foreign language anxiety in language classrooms. Applied Linguistics Review, 16(6), 2627–2671.*
29. *Tupas, T. R. F. (2003). History, language planners, and strategies of forgetting: The problem of consciousness in the Philippines. Language Problems and Language Planning, 27(1), 1–25.*
30. *Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.*
31. *Wijaya, K. F., Mety, M., & Bram, B. (2020). English education master's program students' perceptions on the use of code-switching in EFL classroom context. Journal of English Teaching, 6(1), 1–11.*
32. *Zhu, M., & Wang, C. (2025). A systematic review of research on AI in language education: Current status and future implications. Language Learning & Technology, 29(1), 1–29.*